KALATAS
Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 40 BILANG 10 BASAHIN AT TALAKAYIN OKTUBRE 2020

EDITORYAL

# Magpunyagi sa pakikibaka para sa lupa at kabuhayan sa gitna ng COVID-19 at pasismo ni Duterte!

Ibayong galit at puot ang nararamdaman ng masang magsasaka sa rehimeng US-Duterte. Lumala pa ang miserableng kalagayan ng mga magsasaka ngayong pandemya at mga kalamidad dahil sa matinding kapabayaan at kontra-magsasakang patakaran ng gubyernong Duterte. Patuloy silang inaagawan ng lupa, nananatiling bagsak ang presyo ng mga produktong bukid at laganap ang terorismo ng estado sa kanayunan sa tabing ng *covid-related missions*. Dahil dito, higit na itinutulak ni Duterte ang masang magsasaka na lumahok sa armadong pakikibaka para labanan at ibagsak ang rehimen.

Hindi na makabangon sa matinding kahirapan, higit na nagdurusa ang mga magsasaka sa kriminal na pagpapabaya at palyadong pagharap ng rehimeng Duterte sa krisis ng COVID-19. Bunga ng pandemya, aabot na sa 9.7 milyong magsasaka ang nawalan ng hanapbuhay. Ang tugon ng rehimen: kakarampot na ayudang P5,000 sa ilalim ng Social Amelioration Program. Subalit, ayon sa ulat mismo ng Department of Agriculture, isang beses lamang ito naipamahagi at sa 597,000 magsasaka lamang sa loob ng anim na buwang *lockdown*. Sa Lopez, Quezon ay dalawang beses lamang namigay ng ayudang pinansyal at pagkain na papatak lamang sa P2,167 kada buwan sa bawat bahay.

Gutom at pasakit naman ang idinulot ng militaristang *lockdown* ng rehimen sa mga magsasaka. Sa Mindoro, tumigil ng isang buwan ang pagbebenta ng kalakal ng mga katutubong Mangyan dahil ipinagbawal ang mga tianggean. Kinokotongan rin sa mga *Covid checkpoint* ang mga magsasakang nagluluwas ng kanilang mga produktong bukid sa bayan.

Walang na ngang makain ang mga magsasaka, patuloy pang bumababa ang presyo ng mga produktong bukid sa pamilihan. Sa gitna ng pandemya, nagpatupad pa si Duterte ng bagong



KALATAS

Oktubre 20
TOMO 40 BILANG 10

NILALAMAN

1 Magpunyagi sa pakikibaka para sa lupa at kabuhayan sa gitna ng COVID-19 at pasismo ni Duterte!
3 Mga huwad na reporma sa lupa ng mga nagdaang rehimen
5 Rebolusyong agraryo, tugon sa malaon nang kahilingan ng magsasaka sa lupa
6 Kilos Protesta: Buwan ng Magsasaka
7 Tambak na pahirap: Ang perwisyo at panganib ng reklamasyon
8 Atake ng 59th IBPA, binigo ng AMC-BHB Quezon
9 Microfinance, huwad na kaligtasan ng mahihirap
10 Nagpapatuloy na FMO sa gitna ng pandemya at bagyo
11 Tugon ni PDG: Hinggil sa pagbawi sa pondong coco levy
13 Kampanyang pagpapalaya para sa mga bilanggong pulitikal ng Palawan, nagpapatuloy
14 Kultura: Mabuhay ang diwa ng Rebolusyong Oktubre ng 1917 ng mamamayang Ruso!

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

anti-magsasakang programang Mega Farm and Food Security na inaasahang sasaklaw sa 120,000 ektaryang lupa para pagtamnan ng mga *high value crop* na mataas ang halaga at madaling ibenta sa pandaigdigang pamilihan.

Samantala, ipinauuna ngayon ng rehimen ang mga kontrata at proyekto sa mina upang diumano'y makabangon ang ekonomiya sa krisis ng pandemya. Sa rehiyon, inilulusot ang pagtatayo sa mapanirang proyektong New Centennial Water Source-Kaliwa Dam at pagpapatuloy ng mga minahan sa Mindoro at Palawan. Malinaw na walang ibang makikinabang dito kundi ang mga kasapakat ni Duterte na mga panginoong maylupa at burgesya kumprador at ang mga kasabwat na negosyanteng Tsino at Amerikano.

Sa isang taong pag-iral ng anti-magsasakang Rice Liberalization Law, pinatay ni Duterte ang kabuhayan ng milyun-milyong magsasaka sa mga palayan habang patuloy na nakokonsentra sa mga miyembro ng *rice cartel* ang suplay ng bigas sa bansa. Iniresulta pa nito ang pagbulusok ng presyo ng palay mula P25 tungong P13 bawat kilo. Sa Mindoro, sumadsad sa P8 kada kilo ang presyo ng palay na kumitil sa kabuhayan ng daan-daang libong magsasaka ng palay sa isla.

Napakailap ng serbisyong pangkalusugan sa mga magsasaka. Bago pa ang pandemya, hirap nang magpagamot ang mga magsasaka dahil malayo ang mga ospital at mataas ang singil sa serbisyong pangkalusugan. Hanggang ngayon, nagbibingi-bingihan ang rehimen sa panawagan ng masang anakpawis na libreng *mass testing*, libreng pamamahagi ng *face masks* at abot-kayang pagpapagamot sa *virus*.

Kalunos-lunos ang kalagayan ng mga magsasaka matapos ang hagupit ng bagyong Quinta at Rolly. Hindi pa nakakabangon sa tagtuyot ang mga niyugan sa Quezon, sinalanta pa ng dalawang bagyo. Dagdag pasakit ang pananalasa ng *super typhoon* na Rolly sa buong rehiyon. Tulad ng pandemyang COVID-19, hindi handa ang rehimeng Duterte sa pagharap sa mga kalamidad na ito.

Walang interes ang rehimeng Duterte na paunlarin ang sektor ng agrikultura kaya taun-taon binabawasan ang badyet para rito. Pangunahing pinagtutuunan ng rehimen at pinaglalaanan ng pondo ang imprastraktura. Sa ipinasang pambansang badyet ng Kongreso para sa 2021, gamumo ang inilaang pondo sa Department of Agriculture na aabot ng P80 bilyon o 2.21% lamang nito. Samantala, aabot ng P1.1 trilyong badyet ang ibinubuhos sa mga proyektong pang-imprastraktura pero hindi ito nakabalangkas para sa pagtuwang at pagpapaunlad ng sektor ng agrikultura.

Hirap at pasakit naman ang dulot ng presensya ng AFP-PNP sa kanayunan lalo ngayong pandemya. Bukod sa takot at teror na idinudulot nito sa mga magsasaka at katutubo, tumataas pa ang risgo na lumaganap ang sakit na COVID-19 dahil walang suot na *face masks* at hindi nagpapatupad ng *physical distancing* ang mga berdugong militar at pulis sa mga isinasagawa nitong pekeng *covid-related missions*.

Sa TK, libu-libong magsasaka at katutubo ang lumikas upang makaiwas sa mga atake ng AFP-PNP. May mga kaso pa ng paghaharang ng pagkain at pagkokontrol sa dami ng mga binibili ng mga magsasaka. Pinagbabawalan ang mga magsasaka at katutubo na pumunta sa kanilang mga kaingin. Nagpataw rin ang mga militar ng *curfew*. May karanasan sa Oriental Mindoro na pinahihiga sa kabaong ang sinumang lalabag sa *curfew*.

Aabot ng 277 magsasaka ang pinaslang ng rehimeng Duterte sa buong bansa. Tampok sa rehiyon ang pagpaslang sa lider ng samahan

ng maliliit na *gold panners* sa Palawan na si Adonis Shu at kay Froilan Reyes na *barangay captain* sa Kalayaan, Laguna. Daang bilang ng mga magsasaka sa rehiyon ang inaresto at pinaratangan bilang mga kasapi o tagasuporta ng BHB. Walang puso ang rehimen sa patuloy na pagpapalayas sa mga magsasaka sa Hacienda Yulo sa Brgy. Cabuyao, Calamba, Laguna kahit sa gitna ng COVID-19.


Simula't sapul, walang interes si Duterte na tugunan at resolbahin ang labis na kagutuman at kahirapan ng mga magsasaka. Naghihikahos ang mga magsasaka sa patuloy na pagbagsak ng industriya ng palay, niyog at asukal—mga pangunahing produkto sa bansa. Pinalala pa ito ng rehimen sa pagbibigay ng kapangyarihang maghari ang mga panginoong maylupa, asendero't komersyante sa kanayunan. Patuloy na sinusupil ng mga armadong pwersa ng estado at pribadong *goons* ang mga nakikibakang magsasaka.

Sa kabilang banda, patuloy na tinutugunan ng rebolusyonaryong kilusan ang interes ng mga magsasaka. Sa mahigit limang dekadang pagsusulong ng rebolusyon sa bansa, unti-unting nabawi ng mga magsasaka ang lupang inagaw sa kanila. Ang BHB ang tanging hukbong nagtatanggol sa mga magsasaka at nagsusulong ng digmaan para hindi na muling maagaw ang lupang napagtagumpayan nila. Sa panahon ng COVID-19, ang BHB ang nagbibigay ng serbisyong medikal at ayuda sa mga magsasaka at katutubo na inabandona ng estado.

Pinatunayan na ng mga nagdaang taon ang katumpakan ng isinusulong ng PKP-BHB-NDFP na demokratikong rebolusyong bayan (DRB) sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan upang kamtin ang pambansa at demokratikong interes ng sambayanang Pilipino. Ang digmang bayan ay isang gerang magsasaka na siyang lulutas sa pangunahing problema ng mga magsasaka na kawalan ng lupa. Higit na kailangang tibayan ng mga magsasaka ang kanilang hanay para labanan at ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte. Libu-libo mula sa hanay ng masang magsasaka at mga demokratikong uri ang nagpasyang humawak ng sandata at lumahok sa rebolusyon. Tanging sa pamamagitan ng DRB magkakaroon ng katuparan ang matagal nang mithiin ng masang magsasaka na magkaroon ng sariling lupang masasaka at lubos na tamasahin ang yaman na kanilang pinagpaguran. K

***Balik-tanaw sa kasaysayan***

# Mga huwad na reporma sa lupa ng mga nagdaang rehimen




Malaon nang tinalikuran ng estado ang mga magsasaka. Simula noong panahon ng gubyernong Komonwelt hanggang kasalukuyan, ipinatupad ang iba't ibang huwad na reporma sa lupa upang pagsamantalahan at agawan ng lupa ang mga magsasaka o kaya upang payapain ang mga pag-aaklas ng masang magsasaka.

Ginawang malaganap ang pagtititulo ng lupa noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano sa ilalim ng Land Registration Act ng 1905 at Cadastral Law Act ng 1907 na ginawang instrumento sa malawakang pang-aagaw ng lupa. Sa ilalim ng Philippine Organic Act of 1902, nakipagnegosasyon ang US sa Vatican upang pwersahing ibenta ang malalawak na lupaing pag-aari ng mga prayle—isang iskema upang tiyaking maibabalik sa mga katutubong panginoong maylupa (PML) at kolaboreytor ang mga nabawing lupa ng rebolusyonaryong kilusan at masang magsasaka sa mga Espanyol.

Tiniyak naman ng gubyernong Komonwelt na magiging alipin ang mga magsasaka sa ilalim ng sistemang kasamá na itinatakda ng Rice Share Tenancy Act ng 1933. Ginamit ng mga PML ang butas ng batas na ito sa malawakang pagpapalayas sa mga kasamá sa pagtatapos ng isang taong kontrata tulad ng nangyaring malawakang pagpapalayas sa mga magsasaka sa Gitnang Luzon noong maagang bahagi ng dekada 1940. Ginamit naman ng mga asendero sa plantasyon ng tubo ang Commonwealth Act 4113 ng 1933 upang dayain ang mga magsasaka sa kwentada ng katumbas na halaga ng asukal at *molasses* sa inaning tubo na ibinibenta sa mga *azucarera*. Gumagamit ang mga PML ng iba't ibang paraan ng panloloko sa pagkwenta ng gastos sa pagtatanim, pagbubungkal at pag-ani.

Nang mag-umpisa ang papet na republika at manumbalik ang kontrol ng imperyalistang US sa bansa, sinimulan nina Roxas at Quirino ang pang-aagaw ng lupa sa mga magsasaka gamit ang mga huwad na reporma at dahas. Ipinasa ni Roxas ang Republic Act No. 31 na sinususugan ang Rice Tenancy Act ng 1933 at maling tinawag na

*Sundan sa pahina 4*

batas na “70-30”. Sa katotohanan, makukuha lamang ng tenante ang 55% ng ani kung sarili niya ang kalabaw at mga kagamitang pansaka habang paghahatian ng PML at magsasaka ang iba pang gastos. Samantala, 70% ang mapupunta sa tenante kung sasagutin nya ang lahat ng gastos mula sa pagtatanim at kultibasyon ng lupa.

Sa ilalim ng rehimen nina Magsaysay, Macapagal at Marcos, nagawang matipon muli sa kamay ng mga PML ang malalawak na lupain. Ipinasa ni Magsaysay ang Agrarian Relations Act ng 1954. Ipinako lamang ng batas ang upa-sa-lupa sa 30% ng netong ani matapos awasin ang gastos sa pataba, pestisidyo, herbisidyo, pag-ani at *thresher.*

Itinakda naman ng Land Reform Act ng 1955 ang maksimum na *retention limit* na 300 at 600 ektarya na magkakarugtong na lupain para sa mga pribadong indibidwal at korporasyon, ayon sa pagkakasunod. Nilikha nya ang Agricultural Credit and Cooperative Financing Administration para diumano sa layuning tulungan ang masang magsasaka sa kabuuan subalit naging kasangkapan lamang para kontrolin ng mga PML, komersyante-usurero, burukrata at mayamang magsasaka ang mga pekeng kooperatiba at dayain ang mga maralita at panggitnang magsasaka.

Isinabatas naman ni Macapagal ang Agricultural Reform Code noong 1963 na nagkukunwang progresibo at gumawa ng huwad na pangako na palalayain ang masang tenante. Sa ilalim ng Agricultural Reform Code ni Macapagal, ipinailalim ang masang magsasaka sa sistemang buwisan *(leasehold tenancy)* mula sa sistemang partehan *(share tenancy)* sa mga lugar na idineklarang *land reform districts*. Sa ilalim ng sistemang buwisan sasagutin lahat ng tenante ang gastos sa produksyon at magbabayad ng taunang buwis na 25% na katumbas ng netong taunang ani na kinuwenta sa loob ng tatlong normal na anihan.



Sa likod ng matatayog na pangako ng batas ay ang pagbibigay ng katiyakan sa lahat ng PML na babayaran ng gubyerno sa makatwirang presyo ang lupang kukunin sa kanila para ipamahagi sa masang magsasaka. Subalit, hindi naman kayang bayaran ng mga magsasaka ang presyo ng lupang ipamamahagi ng reaksyunaryong gubyerno. Wala ring sapat na pondo ang gubyerno para bayaran ang mga lupang binawi sa mga PML liban sa ilang pakitang-tao lamang.

Sa ilalim ng diktadurang Marcos, walang ipinatupad na tunay na reporma sa lupa. Boladas lamang ang pagpapailalim sa buong bansa sa reporma sa lupa. Walang pinagkaiba ang Presidential Decree No. 2 at No. 27 sa Agriculatural Land Reform Code ng 1963 at Agrarian Code ng 1971 na inaalis ang sistemang kasamá kapalit ng sistemang buwisan. Sa katunayan, inoobliga ang masang tenante na magbayad ng nakapirmi at mataas na upa-sa-lupa kaysa ibinabayad ng mga kasamá sa ilalim ng dating sistema ng partihan.

Sa isang banda, ginamit ni Marcos ang huwad na reporma sa lupa bilang tabing upang bawiin ang karapatan sa pagsasaka ng masang tenante kapalit ng mataas na nakapakong upa-sa-lupa, itaguyod ang usura, pagpapalawak ng mga korporadong sakahan at ibayong pagpapayaman sa mga kontroladong korporasyon ng mga Marcos na kumokopo sa mga kontrata sa reaksyunaryong gubyerno sa pagbenta ng pataba, pestisidyo at kagamitan-pansaka.

Sa ilalim ng rehimeng Aquino, isinabatas ang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) na higit na nagpadulas sa konsentrasyon ng mga lupain sa kamay ng mga PML. Ipinagpatuloy lamang ni Ramos ang CARP ni Aquino sa ilalim ng kanyang Medium Term Development Program at ng rehimeng Arroyo naman ang Comprehensive Agrarian Reform Program with Extension and Reforms. Mas masahol pa, tuluyang inagaw ang lupa sa mga magsasaka sa pamamagitan ng iskemang pagpapalit-gamit ng lupa sa ilalim ng mga rehimeng Arroyo at BS Aquino III.

Pantapal na solusyon at pakitang-tao ni Duterte ang pamumudmod ng mga pekeng titulong Certificate of Land Ownership Award (CLOA) sa mga magsasaka. Ipinagmamalaki itong solusyon sa kawalan ng lupa ng mga magsasaka, subalit ang mga lugar kung saan namamahagi ang rehimen ng CLOA ay mga lugar kung saan nagkamit ng makabuluhang tagumpay ang rebolusyonaryong kilusang magsasaka sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo at pagbawi sa lupang inagaw ng mga PML at ng reaksyunaryong estado. Malinaw na ang programa ni Duterte ay pakana upang muling makonsentra sa mga PML ang mga nabawing lupain ng masang magsasaka. K

# Rebolusyong agraryo, tugon sa malaon nang kahilingan ng mga magsasaka sa lupa

Ang demokratikong rebolusyon ng bayan sa esensya ay isang digmang magsasaka. Pinalalaya nito ang pinakamalawak na bilang ng mamamayang Pilipinong dantaon nang dumaranas ng pagsasamantala at pang-aapi. Sa pamamagitan ng armadong pakikibaka at pagsusulong ng rebolusyong agraryo (RA) sa kanayunan, unti-unti nitong binabaligtad ang imbing kalagayan at pinapahina hanggang sa tuluyang mawasak ang mga pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa masang magsasaka.

Ang rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa ay nakabatay sa makatarungang kahilingan ng uring magsasaka at mga manggagawang bukid para sa lupa. Habang ipinupundar ang rebolusyonaryong lakas sa kanayunan, unti-unti nitong naipatutupad ang nilalaman ng rebolusyonaryong programa sa lupa na may sumusunod na minimum na layuning pagpapababa ng upa-sa-lupa, pagpawi sa usura, pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid, pagpapataas ng presyo ng mga produktong bukid at iba pa, at ng maksimum na layuning kumpiskasyon ng mga lupain ng malalaki at despotikong panginoong maylupa (PML) at ang pamamahagi nito nang libre sa mga maralitang magsasakang wala o kulang sa lupa.

Ang mga tagumpay ng inilulunsad na iba't ibang anyo ng mga pakikibakang armado at di-armado ng mga magsasaka para sa lupa at ang pagpapalakas ng kanilang hanay ay paglalatag para makamit ang maksimum na programa, ang ganap na kalutasan ng problema sa lupa.

Sa TK, kasabay ng pagsulong ng armadong pakikibaka, nagkamit ang mga magsasaka ng mga tagumpay sa kanilang pagsusulong ng RA.

Sa probinsya ng Quezon, masalimuot ang naging karanasan ng Baryo Pag-asa* sa kanilang pakikibaka para sa lupa. Simula pa dekada '80, magiting nilang ipinaglaban ang kanilang karapatan sa lupa. Sa nagdaang mga dekada, nagawa nilang mapataas ang partehan tungong 50-50 mula 70-30 pabor sa PML. Sa kanilang lakas, napalayas nila ang PML at napakinabangan nila nang buo ang lupang pinagpaguran nila.


Ganunpaman, dahil hindi pa naman nababago ang pyudal at malapyudal na relasyon sa kanayunan at nalalansag ang kapangyarihan ng mga PML sa kabuuan, nakapamayagpag ang komersyanteng si Favon* na nagpautang sa gipit na mga magsasaka sa ilalim ng sistemang sangla. Sa pamamagitan nito at ng ibayo pang panggigipit, nakalikom si Favon ng malalawak na lupain mula sa mga nailit na lupang sangla na 'di na kayang tubusin ng mga kawawang magsasaka. Habang di pa natutubos, pinagtrabaho niya ang mga magsasaka sa nakasangla nilang lupa kung saan 50-50 ang kanilang hatian. Labas pa rito ang taunang bayad sa kanilang isinanglang lupa at interes.

Bukod dito, malaya ang PML na magpapasok ng mga maglulukad kapag panahon ng taglukad kung saan paghahatian nila ng mga magsasaka ang bahaging 50% sa ani. Obligadong kay Favon isusulit ang kopra kung saan dagdag pang pinagsasamantalahan ang mga maglulukad sa ilalim ng sistemang tara[1], taktak[2] at resikada[3].

Dahil tuloy-tuloy ang pakikibaka ng Baryo Pag-asa, 'di nagtagal ay ipinakat ang isang detatsment ng CAFGU na nakapwesto malapit sa tindahan ni Favon. Ginamit ni Favon ang mga CAFGU para manmanan ang kilos ng mga taumbaryo at takutin sila. Ang kalagayang ito ang nagbunsod sa mga magsasaka upang higit na magkaisa.

Nagpulong at nagkaisa ang mga magsasakang igiit kay Favon ang partehang 70-30 pabor sa magsasaka (tersyong baligtad) at akuin ng PML ang upa sa paglulukad sa kanyang mga tauhan sa halip na kaltasin pa ito sa kabahagi ng mga magsasaka sa ani. Isinama rin sa kahilingan ang pagpapataas ng presyo ng kopra. Samantala, upang mapalawak ang kanilang hanay, isinama ng mga taga-baryo Pag-asa sa inilunsad nilang petisyon ang mga karatig-baryong pinagsasamantalahan rin ni Favon.

Nang makalikom ng maraming pirma saka hinarap ng mga magsasaka ang PML para sa serye ng dayalogo. Tatlong araw na nagpiket ang mga magsasaka sa harap ng bahay/tindahan ni Favon. Walang nagawa ang kalapit na CAFGU detatsment sa determinadong pagkilos ng mga maralitang magsasaka. Nagtagumpay ang determinadong pagkilos na ito at nakamit ang pagpapataas ng presyo ng kopra at partehang 70-30. Samantala, ang mga tauhan ay babayaran ni Favon




*Binago ang pangalan ng mga tao at lugar para sa kanilang kaligtasan

*1 Bayad sa sako, kadalasa'y katumbas ng 1 kilo*

*2 Bayad sa nagtataktak sa kopra mula sa sako na ibinabawas sa kita ng magsasaka*

*3 Kaltas para sa moisture content*

nang arawan batay sa kalakaran sa baryo.

Sa bayan naman ng Magsikap* at Pangahas* sa isla ng Mindoro, nagawang bawiin ng mga magsasaka ang kanilang lupa sa mga despotikong PML na sina Reyes* at Jimenez*. Ang mga naturang PML ay may armadong *goons* na ginagamit para supilin at dahasin ang mga magsasaka. Sapilitang pinaghawan ang mga magsasaka ng malalawak na tubigan at nang maging produktibo na ito ay ipinataw naman ang partehang 80-20 pabor sa PML. Hindi rin nakatutol ang mga magsasaka nang ginawang pastuhan ng baka ang kanilang mga sakahan.

Nabigyang pag-asa ang mga magsasaka nang dumating ang BHB sa lugar. Sa tulong ng BHB, nagkaisa ang mga magsasaka at naitayo ang kanilang samahan sa Magsikap at Pangahas. Plinano nila ang mga okupasyon at paglalansag ng pastuhan kung saan nagbuwis ng buhay ang dalawa nilang kasamahang magsasaka. Matagal nilang ipinundar ang kanilang lakas na hindi nagapi ng pandarahas ng mga PML.

Ginawaran ng rebolusyonaryong hustisya ng BHB si Jimenez para sa kanyang utang na dugo at tuluyang napalayas ang kanyang angkan. Sa malawak na pastuhan, itinatag ng mamamayan ang Barangay Muog*. Mula noon, taun-taon nitong ipinagdiriwang ang araw ng pagkakatatag ng baryo at ang tagumpay ng isinulong na RA.

Ilan lamang ang mga ito sa tagumpay ng mga magsasaka sa kanilang patuloy na pakikibaka para sa lupa. Sa rehiyon, libu-libong ektaryang lupain ang naipamahagi at pinakikinabangan na ng mga bagong henerasyon ng mga magsasaka at mamamayan. Hanggang sa kasalukuyan, nagpapatuloy ang pakikibaka para pawiin ang iba't ibang pagsasamantalang pyudal at malapyudal kasabay ng maalab na pakikibaka ng mga magsasaka at lumalagablab na digmang magsasaka sa kanayunan. Bunga ng mga tagumpay ng RA, higit na sumisigla ang armadong pakikibaka, daan-daan ang sumasampang magsasaka sa BHB at lalong tumatatag at lumalawak ang mga rebolusyonaryong base. K

*KILOS PROTESTA*



# Magsasaka sa Timog Katagalugan, tuluy-tuloy ang laban para sa lupa at karapatan

Naglunsad ng kilos protesta ang mga magsasaka sa pangunguna ng Katipunan ng mga Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK) sa Batangas Pier noong Oktubre 21 bilang pagsasara sa Buwan ng Magsasaka 2020. Nakiisa sa pagkilos ang iba't ibang sektor na sumusuporta sa laban ng masang magsasaka.




Ayon sa KASAMA-TK, "Hindi pa natatapos ang ating pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa at panlipunang paglaya."

Kinundena ng KASAMA-TK ang iba't ibang pasakit na kinaharap ng mga magsasaka ngayong taon mula sa mga natural na kalamidad hanggang sa pangangamkam ng mga PML at malaking burgesyang komprador sa lupa ng mga magsasaka. Anila, kriminal na pagpapabaya ng rehimen ang pagtalikod sa daing ng mga magsasaka mula sa pagsabog ng Bulkan Taal, krisis ng pandemyang COVID-19 at pananalasa ng mga bagyong sumalanta sa mga bukirin na nagpadapa sa mga pananim at nagpalubog ng mga bahayan.

Dagdag ng KASAMA-TK, "Kasabay ng pananalasa ng mga natural na kalamidad, higit na naghihirap ang mga magsasaka sa patuloy na pagbagsak ng presyo ng palay habang sumisirit ang presyo ng bigas sa Rice Liberalization Law, hindi pagbabalik ng *coco levy fund* sa mga magsasaka sa niyugan, agresibong pagpapatupad sa Build, Build, Build na yumuyurak sa lupaing ninuno ng mga pambansang minorya, katulad ng Kaliwa-Kanan at Laiban Dam at pagraratsada sa pagpapalayas sa mga magsasaka at mamamalakaya sa kanilang mga tahanan kahit sa panahon ng pandemya."

Karamihan sa mga biktima ng mga paglabag sa karapatang tao ay mula sa hanay ng mga magsasaka. May naitalang 277 magsasakang pinaslang sa ilalim ng rehimeng Duterte. Umigting ang militarisasyon at terorismo ng estado sa kanayunan nang ipatupad ang Anti-Terror Law. Iniulat rin ng KASAMA-TK ang nagpapatuloy na *red-tagging* at sarbeylans sa kanila ng rehimen.

"Ang pasismo ng tiranikong rehimen ay lalo lamang nagpapaalab sa ating mga damdamin upang manindigan, ipaglaban at makamit ang hustisya para sa ating mga anakpawis. Ang ating mahigpit na pagkakaisa ang nagpapahina sa rehimen at sa kanyang gubyerno ng mga kurap at mamamatay-tao. Hamon sa ating nagkakaisang hanay ang patuloy na paglawak upang puspusang ihiwalay si Duterte hanggang sa kanyang tuluyang pagbagsak," pagtatapos ng KASAMA-TK. K

# Tambak na pahirap

## Ang perwisyo at panganib ng reklamasyon sa Manila Bay at Cavite

Huwad na kaunlaran at matinding kapahamakan—ito ang hatid ng mga proyektong reklamasyon at kumbersyon sa baybayin ng Cavite at Manila Bay na pakana ng rehimeng Duterte.

Sa ilalim ng Build, Build, Build at Reclamation and Development Plan na minana mula sa rehimeng BS Aquino, iniraratsada ng kasalukuyang rehimen ang pagtatambak sa higit 31,000 ektarya ng Manila Bay. Kasama rito ang lampas 4,500 ektaryang baybayin ng Cavite na sayt ng malalaking proyektong reklamasyon na pinagsososyohan ng gubyernong Duterte at mga kumpanyang pagmamay-ari ng kanyang mga kroni at kaibigang Tsino.

Wawasakin ng mga proyektong ito ang tirahan at kabuhayan ng higit 330,000 residente sa 95 barangay sa Cavite na nasa palibot ng look. Sisirain din nito ang likas-yaman ng look na daan-daang taon nang pinakikinabangan ng mga mangingisda at maralita sa lugar. Magdadala rin ito ng matinding pagbaha sa mabababang lugar sa paligid ng Manila Bay.

### Pagbabagong hugis para sa tubo ng iilan

Bago pa ang panahon ng mga kolonyalistang Espanyol ay pangunahin nang daluyan ng komersyo at pangangalakal ang Manila Bay na nagbigay-daan din sa sosyo-ekonomikong pag-unlad. Isang salik sa pag-unlad nito ang heograpikal na katangian ng look na nagsisilbing likas na depensa sa mga kalamidad at kumalinga sa umuusbong na kalakalan at mga komunidad sa paligid nito.

Binago ang hugis ng Manila Bay upang magsilbi sa interes ng mga dayuhan at lokal na naghaharing-uri. Mula 1944 hanggang 1991, aabot sa 600 metrong *shoreline* o dalampasigan ang sinakop ng mga proyektong reklamasyon sa hilagang bahagi ng Manila Bay. Noong 2009, aabot sa 7,000 ektarya ng *foreshore*[1] sa Cavite at 5,000 ektarya ng mababaw na katubigang kostal ang sinakop ng pagpapalawak ng Sangley Point Naval Base.

Malaki ang naging epekto ng iba't ibang proyektong reklamasyon sa Manila Bay na nakaayon sa pang-industriyal, komersyal at pangmilitar na gamit. Nagpatuloy ang pagliit ng dalampasigan ng look habang dumarami ang mga istruktura sa mga *coastal area*. Halos 2% na lamang ng dating 54,000 ektaryang bakawan sa palibot ng Manila Bay ang natira. Ang mga bakawan ay nagsisilbing tahanan ng mga isda at nagpapanatili ng balanse ng ekosistema rito.

Ang nakalulungkot na kalagayan ng Manila Bay na pangunahing idinulot ng agresibong kumbersyon nito ang ginawang dahilan ng rehimeng Duterte sa pagsusulong ng 'rehabilitasyon' ng look. Sinimulan noong Enero 2019 ang rehabilitasyon na may halagang P47 bilyon at kinabibilangan ng mga walang kwentang proyekto tulad ng pagtatambak ng *dolomite*[2] sa baybayin ng look nitong Setyembre.


Ang totoo, pagpapatuloy lamang ng agresibong reklamasyon at kumbersyon ng look tungong industriyal at komersyal na gamit ang ipinagmamalaking rehabilitasyon ni Duterte. Kasunod ng pagtatambak sa Manila Bay at baybayin ng Cavite ang pagtatayo ng mga sentrong pangnegosyo at komersyo na magpapatalsik sa mga mangingisda mula sa kanilang panirikan at pook-pangisdaan at lalo pang sisira sa look.

### Reklamasyon at kumbersyon sa Cavite

Sasakupin ng pinakamalalaking proyektong reklamasyon sa Manila Bay ang malaking bahagi ng *coastal area* sa 101.16 kilometrong *coastline* ng Cavite. Kabilang rito ang Sangley International Airport sa Cavite City; Cavite Reclamation Project (CRP) sa Cavite City, Rosario at

## MAPA NG MGA PROYEKTONG REKLAMASYON SA CAVITE

1. Sangley Point International Airport Project (1,900 ektarya)
2. Philippine Navy Dredging and Reclamation (66.6 ektarya)
3. Cavitex Manila Bay Reclamation (844 ektarya)
4. Diamond-Bacoor Reclamation and Development Project (420 ektarya)
5. POGO City sa Kawit (20 ektarya)
6. Cavite Reclamation Project (1,331 ektarya)




1 Bahagi ng dalampasigan na nasa pagitan ng malalim at mababaw na katubigan

2 Isang puting mineral (calcium magnesium carbonate) na kapag dinurog ay mukhang puting buhangin

Noveleta. Nariyan din ang Diamond-Bacoor Reclamation and Development Project (DBRDP), Manila-Cavite Toll Reclamation Project, Philippine Navy Reclamation and Dredging Project at Kawit POGO (Philippine Offshore Gaming Operations) sa dating Island Cove sa Kawit.

Ang mga proyektong reklamasyong ito ay kaugnay ng malawakang pagpapalit-gamit ng lupa sa Cavite upang itayo ang mga imprastrukturang magpapabilis sa daloy ng kapital at mag-eengganyo pa sa mga mamumuhunan. Ito ang dahilan kaya hayok ang mga lokal na burukrata mula sa pamilyang Remulla at Revilla na ipatupad ang mga proyekto. Sa katunayan, *joint venture* sa pagitan ng pribadong sektor at Cavite LGU ang Sangley International Airport Project habang pangunahing *proponent* ng reklamasyon sa Bacoor City ang *city government* sa pangunguna ni Mayor Lani Mercado-Revilla. Nakipagkutsaba rin si dating Gov. Jesus Crispin Remulla sa Century Peak Corporation para sa CRP na sasaklaw sa 1,331 ektarya.

Kapalit ng tubo ng mga kumpanya at mga kurakot na opisyal ng probinsya ang matinding pasakit na dadanasin ng mga maralita at mangingisda sa tabing-dagat. Ramdam na ang banta ng malawakang demolisyon at dislokasyon. Ngayong 2020, ilang beses nang nagkaroon ng sunog sa mga maralitang komunidad sa Bacoor City na sasaklawin ng DBRDP. Naniniwala ang mga residenteng paraan ito upang mapadali ang pagpapalayas sa kanila.

**Iligtas ang Manila Bay at ang baybayin nito**




Malakas ang pagtutol ng mga Caviteño at residente ng mga karatig-lugar sa tuluy-tuloy na reklamasyon ng Manila Bay. Isinusulong nila ang panukalang batas na HB 257, An Act Declaring Manila Bay as Reclamation-Free Zone, na magbabawal sa reklamasyon sa look. Kasabay nito'y panawagan din nila ang pagbabasura sa *no-build zone policy*, *fisheries code* at iba pang mapaniil na batas sa mga mangingisda.

Hindi reklamasyon bagkus rehabilitasyon ng Manila Bay ang nararapat na isulong ng mamamayan upang bumalik ang dating buhay at tunay na kagandahan nito. Ang paglilinang sa look at mga baybayin nito ang magbubunsod ng tunay at sustenableng pag-unlad na nakaayon sa interes ng mamamayan at kapaligiran.

Kung nakaasa ang mamamayan sa Manila Bay para sa kanilang buhay at kabuhayan, nasa kamay naman nila ang buhay nito at ang pagsasalba rito. Kung hindi sila magkakaisa upang tutulan at pigilan ang mga mapangwasak na proyektong reklamasyon ng rehimeng US-Duterte, mananatili at tiyak na lulubha pa ang abang kalagayan ng look at mamamayang nakapalibot dito.

## ANO ANG MAPIPINSALA NG REKLAMASYON SA MANILA BAY AT CAVITE?

- Mahigit 8,000 metrikong tonelada ng taunang ani sa pangingisda sa Cavite
- Lampas 22,000 metrikong toneladang produksyon ng talaba, tahong at halaan sa Bacoor, Kawit at Cavite City
- Kulang sa 1,000 ektaryang bakawan
- 293.68 ektaryang bahura ng korales sa Corregidor at Caballo, Cavite City
- Mga korales sa Bancaan at Labac sa Naic
- San Nicolas Shoals na mayaman sa Kapiz *sea shell*
- Mga *mudflat* at bakawan na nagsisilbing pahingahan ng mga *migratory bird* na dumadaan sa bansa
- Balanse ng ekosistema na maaaring tumungo sa pagkamatay ng saring-buhay *(biodiversity)* sa Manila Bay

BALITANG TO



## Atake ng 59th IBPA, binigo ng AMC-BHB Quezon

Naagaw ng Apolonio Mendoza Command (AMC)-BHB Quezon ang inisyatiba sa labanan at binigo ang atake ng 59th IBPA noong Oktubre 29, 2:00 ng hapon, sa Brgy. Lavidez, General Luna, Quezon. Kagyat na naramdaman ng yunit ng AMC ang papalapit na tropa ng 59th IBPA at pinutukan ang mga ito.

Hindi bababa sa tatlong kaswalti ang natamo ng berdugong kaaway habang ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma nang walang kaswalti.

Pataksil na inatake ng 59th IBPA ang yunit ng BHB Quezon habang nagsasagawa ang huli ng pag-alalay sa mga biktima ng pinsala ng bagyong Quinta at naghahanda sa pagpasok ng bagyong Rolly.

Habang hinaharap ng mamamayan ang bangis at sama ng panahon, nagpapatuloy ang mga *focused military operations* (FMO) ng pinagsanib na pwersa ng 59th IBPA, 85th IBPA, 22nd DRC ng 2nd ID at PNP-CALABARZON sa mga bayan ng Lopez, Macalelon at General Luna. Aabot sa 1,000 elemento ng AFP-PNP ang idinagan sa tatlong bayan pa lamang ng probinsya.

Ani Cleo del Mundo, tagapagsalita ng AMC-BHB Quezon, "Patuloy naming bibiguin ang mga atake ng teroristang rehimeng US-Duterte sa mamamayan ng Quezon. Kahit pa may kalamidad, nakahanda ang mga yunit ng BHB Quezon na labanan ang mga pasistang tropa. Ito ang aming tugon sa Terror Law ni Duterte."

# *Microfinance*, huwad na kaligtasan ng mahihirap

*Ikalawa at huli sa serye ng mga artikulo hinggil sa microfinance*

*May panahon na di na ako nakakapagbayad, ito yung mga panahon na gipit kami. May isang beses na kinuha ng mga kamiyembro ko ang TV namin bilang kabayaran. Hindi sila aalis hangga't di ako nakakapagbayad—utang ng isa, utang ng lahat.*

*— Nanay Anya, umutang sa microfinance*

Maluwag sa mamamayan ang *microfinance* para mabilis na makapagpaluwal ng pera dahil sa kakulangan ng kita at mababang sahod, kasabay ang pagsirit ng presyo ng mga arawang pansustento. Inaakala nilang malaki ang pinag-iba ng pangungutang sa *microfinance* sa pangungutang sa 5-6 o sa mga komersyante. Ngayon "moderno" na ang pangungutang — gumagamit na ng mga *passbook, android* at sa bangko na! Maaari ring umutang dito ng mas malaking halaga kumpara sa mahihiram sa mga indibidwal na nagpapautang. Hindi rin umano ramdam ang bigat ng lingguhang paghuhulog ng mas maliit na halaga sa loob ng 25 linggo.

Lingid sa kaalaman ng mamamayang umuutang dito, ang tunay na layunin ng *microfinance* ay ang pagkamal ng mas malaking interes sa mga kliyente nito. Nalilinlang ng *microfinance* ang mga kliyente sa paraang paghahati sa malaking porsyento ng interes sa matagal na paghuhulog ng mga mangungutang. Maliban sa pagkita sa interes, tumutubo rin ang *microfinance* sa paniningil ng *transaction fee, credit investigation* (CI) *fee* at iba pa.

Inilalako ng mga institusyon sa *microfinance* na layunin nila ang pagtataas ng antas ng pamumuhay ng mga mahihirap at pagpawi sa kahirapan. Kung pagbabatayan ang karanasan ng mga kasapi, kabaliktaran ang resulta ng kanilang pagpasok sa *microfinance*.

Hungkag ang pangako ng modernong usura sa anyo ng *microfinance*. Tulad ng inilahad ni Nanay Anya, hirap ang mga kliyenteng magbayad ng utang dito. Hindi nito nilutas ang dinaranas nilang kahirapan at kagipitan, bagkus ay inilubog ang mga nangungutang sa walang tigil na siklo ng pag-ikid ng pangungutang. Pati relasyon ng mga magkakapit-bahay at magkaka-miyembro ay nasisira dahil sa mga kundisyon ng *microfinance* sa pangungutang.

Dagdag pa, nililikha ng *microfinancing* ang kultura ng konsumerismo na nakabalangkas sa pangangailangan ng pandaigdigang kapitalismo upang hindi maging tigil ang daloy ng pera sa pamilihan. Hinihikayat nito ang mamamayan sa walang kontrol na paggastos na lampas sa kanilang kita, pangangailangan at kakayahang magbayad kung kaya nagkakaroon sila ng mga utang.

Ang pangungutang ng masang anakpawis ay iniluwal ng matinding kahirapan na hindi binibigyang kasagutan ng kasalukuyan at mga nagdaang rehimen. Habang tumatagal, lalong inilulugmok ng *microfinancing* ang masang Pilipino sa kumunoy ng walang-katapusang pangungutang upang huthutin ang lahat ng natitira pa sa kanyang mga ari-arian.


Tuluyan lamang mapapawi ang pangungutang ng mga Pilipino kung magkakaroon sila ng sapat na kabuhayan para ipangtustos sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan. Tanging sa pamamagitan lamang ng demokratikong rebolusyong bayan mapapawi ang batayan ng pangungutang o usura ng masang anakpawis at maitataguyod ang kanilang kagalingan at maitataas ang antas ng kanilang pamumuhay.

Kailangang isulong ang iba't ibang porma ng antipyudal na pakikibaka at pagtutulungan ng mamamayan upang maitayo ang mga kooperatiba sa pautang, sa taniman (palayan, kaingin), sa paghahayupan, pagbebenta ng mga lokal na produkto at pangkonsyumer na tutuwang sa

## SALAYSAY NG MGA NALULUBOG SA KUMUNOY NG UTANG SA MICROFINANCE



"**Ako si Anya**, kaming mag-asawa ay mamimili ng uling. Halos lahat ng kapitbahay namin ay mga miyembro ng iba't ibang *microfinance* kaya sinubukan ko rin. Sa simula, maliit pa lamang ang kaya kong utangin dahil bago pa lang akong sali. Habang tumatagal, lumalaki na ang nauutang ko. Sa unang *loan* ko ay nakautang ako ng P10,000. Nakaapat na beses akong umutang. May panahon na di na ako nakakapagbayad, ito yung mga panahon na gipit kami. May isang beses na kinuha ng mga kamiyembro ko ang TV namin bilang kabayaran. Hindi sila aalis hangga't di ako nakakapagbayad—utang ng isa, utang ng lahat."




"**Ako si Sam**, kasapi ng apat na *microfinance*. Kasapi rin ng *microfinance* ang asawa at anak kong lalaki. Umabot sa apat ang aking pinasukan dahil inuutang ko sa isang *microfinance* ang ipambabayad ko sa isa pa. Kung pagsasama-samahin lahat, umaabot na sa P169,500 ang utang ko. Marami nang *sideline* na trabaho ang asawa at anak ko para maipambayad sa utang na 'yan. Marami na akong kakilala at naging kagrupo rito na umalis dahil hindi makapagbayad. Diyan na umiinog ang buhay ng mga kabarangay namin."


kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Sa pamamagitan ng demokratikong gubyernong bayan, pinauunlad ang pang-ekonomyang aktibidad para sa kagalingan ng kasapian ng mga organisasyong masa at magsisilbi sa hakbang-hakbang na pagpawi ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa kanayunan. Sa mga lungsod man at higit sa mga nayon, marapat lamang na bumuo ang mamamayan ng kanilang sariling samahan o organisasyon at pakilusin ang samahan bilang isang kooperatiba na maghihikayat ng mas marami at papalaking impok. Habang nasa kooperatiba, unti-unti nang ibinababa ang interes ng pautang. Magsisilbi rin ang kooperatiba bilang isang samahan na magbibigay din ng kanilang mga pangunahing pangangailangan. Lalo't ang buong bansa'y nahaharap sa krisis pang-ekonomya at pampulitika sa gitna ng COVID-19, higit na pangangailangan para sa lahat ang magkaisa at magtulungan para itaguyod ang kanilang pang-araw-araw na aktibidad sa ekonomya. K

## SALAYSAY NG MGA NALULUBOG SA KUMUNOY NG UTANG SA MICROFINANCE

"**Ako si Helen**. Meron akong maliit na tindahan. Naging kasapi ako ng ARDCI[1] noong 2012 at nag-*resign* ako noong 2014. Nung una, hindi pa namin ramdam ang pagbabayad sa utang dahil ayos pa ang kita namin. Pero habang tumatagal, kapag may isang beses lang kaming hindi makapagbayad ay hindi na kami maaaring umutang hangga't may hindi pa kami nababayaran kaya naoobliga kami na umutang pa sa iba para lamang makapagbayad. Ito ang dahilan kung bakit ako nag-*resign* sa ARDCI."




"**Ako si Hilda**, pumasok ako sa CARD[2] para sa *savings* at hindi sa utang. Pero dahil sa hirap ng buhay, napilitan na rin akong mangutang para sa aking babuyan. Kalaunan, hindi naging mapalad ang kinahinatnan ng babuyan ko at nalugi rin, may utang pa ako. Ngayon ay 11 beses na akong umuutang diyan. Sa karanasan, may kumare akong umutang ng sampung libo at tinakasan niya. Ako tuloy ang nagbayad noon sa pamamagitan din ng utang. Hanggang ngayon masama pa ang loob ko sa kumare ko at hindi kami nag-uusap."




*1 ARDCI - Agricultural and Rural Development for Catanduanes, Inc.*

*2 Center for Agricultural and Rural Development, Inc.*

*BANTAY KARAPATAN*

## Nagpapatuloy na FMO sa gitna ng pandemya at bagyo

Sa halip na gamot at ayuda, ipinakat ng rehimeng US- Duterte ang berdugong AFP-PNP sa rehiyon sa gitna ng pandemya at pananalasa ng bagyong Quinta.

**Quezon.** Sa buong buwan ng Oktubre, walang tigil ang *focused military operations* (FMO) ng 80th IBPA sa mga bayan ng Real at Infanta upang protektahan ang nagpapatuloy na konstruksyon ng Kaliwa Dam.

Patuloy rin ang pananakot ng mga ahente ng paniktik ng AFP sa limang bayan ng Polilio Group of Islands.

Samantala, sa gitna ng bagyong Quinta, naglunsad ng FMO ang 1,000 tropa ng pinagsanib na 201st Brigade-PNP-CALABARZON sa mga bayan ng Lopez, Macalelon at General Luna na nagresulta sa labanan sa pagitan ng isang yunit ng BHB Quezon at 59th IBPA noong Oktubre 29.

**Mindoro.** Hindi nilubayan ng FMO ng 203rd Brigade-PNP MIMAROPA ang tatlong bayan sa Oriental Mindoro at tatlong munisipyo sa Occidental Mindoro. Nagpatuloy rin ang FMO sa anim na sityo ng Brgy. Monte Claro, San Jose; tatlong sityo ng Brgy. Manoot, Rizal; anim na sityo ng Brgy. Lisap at 10 sityo ng Brgy. Hagan, kapwa sa Bongabong.

Kasabay ng FMO ang paglulunsad ng *retooled community support program operations* (RCSPO) ng 4th IBPA-403rd RMFB sa mga naturang bayan. Tampok sa RCSPO ngayong Oktubre ang marahas na pagpapasuko sa Barangay Gasilan at Panaytayan sa Mansalay, Oriental Mindoro at Barangay Imok at Balian, Magsaysay, Occidental Mindoro.

Iligal ding nagkakampo ang 4th IBPA sa eskwelahan ng Sityo Mantay, Brgy. Monte Claro ng San Jose, at sa mga bahayan sa Sityo Bato Singit, Brgy. Manoot, Rizal at Sityo Rimas, Brgy. Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro.

Sa tabing ng RCSPO, inilulunsad ng mga berdugo ang pagsesensus, mga papulong na may kasamang interogasyon, tortyur at kampanyang pagpapasuko. Ilampung residente ang sapilitang pinapunta sa kampo ng 4th IBPA sa Brgy. Haguines, Mansalay at doon iligal na inimbestigahan, tinortyur at sapilitang pinasuko. Gumamit rin ang AFP ng mga pekeng "proyektong pangkaunlaran" tulad ng pagtatayo ng mga kubeta, *multi-purpose hall, basketball court*, kalsada at iba pa upang linlangin ang mga komunidad.

Kahit noong naghahanda ang mga Mindoreño sa darating na Bagyong Quinta, nagpalipad ng *helicopter* ang 203rd Brigade para sa isasagawa nitong mga FMO. Nagbaba ang mga pasista ng mga pwersa, kagamitan at suplay sa Sitio Malpalon, Brgy. Iriron, Calitaan, Occidental Mindoro at Brgy. Hagan. Naiulat sa Brgy. Hagan ang pambubugbog ng mga militar sa isang katutubong Mangyan. K

**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

# Bakit dapat ipagpatuloy ng mga magniniyog ang laban para bawiin ang pondong *coco levy*?

Ang mga magniniyog o mga magsasaka sa niyugan sa bansa ang tunay na may-ari ng P105-bilyong pondong *coco levy*. Sila at hindi ang reaksyunaryong gubyerno ang karapat-dapat na magmay-ari (*rightful owner*) dahil ang pondong *coco levy* ay nalikha at lumago mula sa pagsasamantala at pagpiga sa lakas paggawa ng mga magniniyog sa bansa. Ito'y pinuhunanan, sa mahabang panahon, ng pawis at dugo ng mga magsasaka sa niyugan. Subalit mahigit 47 taon nang ipinagkait ng reaksyunaryong gubyerno ang pondong *coco levy* na sinimulang dambungin at pakinabangan ni Ferdinand E. Marcos at ng kanyang mga kroni mula 1972 hanggang 1986.

Makatwiran at makatarungan lamang na ipaglaban ng mga magniniyog sa bansa na mapasakamay ang pondong *coco levy* dahil ito'y kanilang pag-aari. Walang karapatan ang pasistang rehimeng US-Duterte na ito'y binbinin at patuloy na ipagkait sa 3.5 milyong magniniyog sa bansa. Maging ang Korte Suprema ay nagpasya noong 2014 na ang pondong *coco levy* ay pag-aari ng mga magniniyog.

Pinagnanasaang ibulsa ng rehimeng Duterte at mga kroni nito ang tinatayang P105-bilyong pondong *coco levy* na naipon mula sa hindi makatwirang pagpapataw nito sa mga magniniyog ng diktadurang US-Marcos. Nitong Oktubre, ginawang prayoridad sa Kongreso ang pagpapasa sa panukalang batas na layong ilagay sa isang *trust fund* ang pondong *coco levy*—isang tusong iskema para ipagkait ang pondong *coco levy* sa mga magniniyog. Dagdag itong pagsasamantala at kawalan ng katarungan laluna sa maliliit na magniniyog at manggagawang bukid na umaasang magamit ang pondo para sagipin ang kanilang kabuhayan matapos ang sunud-sunod na kalamidad at pananalasa ng pandemyang COVID-19.


Inilalantad ng pinakahuling maniobra ng rehimeng Duterte ang kahungkagan ng pangakong ibabalik ng gubyerno ang pondong *coco levy* sa mga magniniyog. Kailanma'y hindi hinangad ni Duterte na isauli sa magsasaka ang perang naipon mula sa pagpapatupad ng diktador na si Ferdinand Marcos sa RA 6260 (1972) at PD 276 (1973) na nagpataw ng koleksyon ng buwis sa niyog. Ipinagpapatuloy lamang niya ang panloloko sa magsasaka na ginawa ng mga nagdaang rehimen. Hinayaan lamang na manatili sa kamay ng iilang indibidwal, institusyon at negosyo ang pondong *coco levy*. Sa nakaraan, pinagtubuan ito ng mga PML at burgesya kumprador na sina Danding Cojuangco, Maria Clara Lobregat at Juan Ponce Enrile (bilang noo'y Ministro ng Pambansang Tanggulan) at ginamit itong kapital upang makontrol ang buong industriya ng niyog.

Hanggang ngayon, ang tanging nakikinabang sa mga benepisyo ng *coco levy* tulad ng mga *scholarship, health insurance, loan*, ayuda sa negosyo at iba pa ay ang mga PML at kanilang pamilya habang nagdarahop ang masang magniniyog.

Walang mapapala ang magniniyog kung aasa sa reaksyunaryong gubyerno. Kung hindi sila lalaban, tiyak na madaling kakamkamin ng mga gahaman ang pondong piniga mula sa kanilang pagpapagal sa mga niyugan. Sinusuportahan ng buong rebolusyonaryong kilusan ang makatarungang pakikibaka para sa pagbawi ng pondong *coco levy* at iba pang kahilingan ng mga magniniyog. Kabilang ito sa pagpapaunlad sa industriya ng niyog na nilalaman ng Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms na nakasalang sa usapang pangkapayapaan subalit arbitraryong pinagpasyahan ng GRP na itigil noong 2017.

Kasingtagal ng pagkakait sa pondong *coco levy* ang marubdob na pakikibaka ng mga magniniyog para mabawi ito. Nakatatak sa kasaysayan ang pagkilos ng mga magniniyog sa Guinayangan, Quezon noong 1983 na marahas na dinispers ng Philippine Constabulary at napabantog na Guinayangan *massacre*.

Hanggang sa kasalukuyan nagpapatuloy ang maalab na paglaban ng mga magniniyog laluna rito sa TK. Wala silang sawa sa pangangalampag sa Philippine Coconut Authority at iba pang ahensya ng gubyerno. Sila ang nagpopropaganda sa kapwa nila magsasaka, pati sa mga kabataan, manggagawa at iba pang sektor. Mula sa usapin ng *coco levy fund*, namumulat ang mamamayan sa pambubusabos ng mga PML-



komprada sa mga magniniyog tulad ng hindi pantay na hatian, resikada, tara, taktak at sari-saring pandaraya ng mga kumersyante-usurero.

Dahil sa masikhay na gawaing pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos, lumalapad ang hanay ng nakikibakang magniniyog at nahahamig ang opinyong publiko sa pagsuporta sa kanilang panawagan. Hindi mapigilan ang pagsulong ng kanilang laban kahit pa takutin sila ng mga militar, bansagang terorista at gawan ng samu't saring karahasan ng estado.

Isang antas ng tagumpay ng kilusang magsasaka ang pagdedeklara ng Korte Suprema na pag-aari ng mga magniniyog ang pondong *coco levy* at kasunod na paglalabas ng GRP ng mga kautusan na nagtuturing sa pondong *coco levy* bilang pondong pampubliko. Gayunpaman, hindi dapat kalimutan na sagad sa pagiging anti-magsasaka at ganid ang rehimeng Duterte. Hindi nito hahayaang mapunta sa kamay ng maliliit na magniniyog ang pondong *coco levy* dahil labag ito sa kagustuhan ng kanyang mga kroni at PML-burukrata na takam na takam at naglalaway sa pondo.

Ngayong planong ilagay sa *trust fund* ang pondong *coco levy*, higit na kailangang ipakita ng mga magniniyog ang kanilang determinasyong bawiin ang *coco levy fund* at lahat ng mga *asset* at ari-arian na binili gamit ang pondo. Kailangang pasikarin ang kampanyang masa at maglunsad ng mga pagkilos kahit sa gitna ng pandemya. Hamon sa mga magniniyog na palakihin ang kasapian ng kanilang mga organisasyon at magpalawak ng saklaw. Sikaping maabot ang bawat isa sa higit tatlong milyong maliliit na magniniyog at manggagawang bukid at pakilusin sila para sa kanilang karapatan at kagalingan. Malaki ring tulong ang pakikipag-alyansa sa mga positibong pwersa para palakasin ang panawagang pagbabalik ng *coco levy fund* sa magsasaka.

Kasabay nito'y patuloy na iangat ang kamulatan ng masang magniniyog at buong uring magsasaka hinggil sa pagsasamantala sa kanilang uri at paghahari ng pyudalismo, imperyalismo at burukrata kapitalismo sa lipunang Pilipino. Kailangang itanghal ang rebolusyonaryong solusyon sa problema sa lupa at palahukin ang pinakamaraming bilang sa demokratikong rebolusyon ng bayan (DRB). Sa pagtatagumpay ng DRB at pagbagsak ng bulok na estado ng mga PML at burgesya kumprador na alipin ng imperyalismo, maipatutupad ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon na mga kinakailangang salik sa pagpapaunlad ng produksyong agrikultural ng bansa at pagtatransporma sa buhay ng mga magsasaka.

Ang pagbawi sa pondong *coco levy* ay isa lamang sa napakaraming hakbangin sa pagtataguyod ng kagalingan ng mga magniniyog at lahat ng magsasaka. Nananatiling mayor na suliranin ang kawalan ng lupa ng mga magsasaka at pagiging atrasado ng agrikultura sa bansa. Nagsisikap ang rebolusyonaryong kilusan na tugunan ang problemang ito maging sa panahon ng pagsusulong ng DRB. Sa iba't ibang dako ng Pilipinas, ipinatutupad ang minimum at maksimum na programa sa rebolusyong agraryo na layong iangat ang kita at produktibidad ng masang magsasaka. Samantala, sa pinakamauunlad na sonang gerilya, binubungkal na ng milyong magsasaka ang mga lupaing binawi mula sa kontrol ng mga PML at lokal at dayuhang burgesya kumprador. Ito ang naglalahad sa katapatan ng rebolusyonaryong kilusan sa pangako nitong lagutin ang ugat ng pagsasamantala sa kanayunan at itayo ang isang gubyernong bayan na magtataguyod sa interes ng uring magsasaka. K

**Ilan sa mga korporasyong nabili mula sa pondong *coco levy***

- United Coconut Planter's Life Assurance Corp. o Cocolife Insurance
- United Coco Planters Bank
- San Miguel Corporation, Inc.
- Coconut Industry Investment Fund-Oil Mills Group

## *Gunitain at muling pag-aralan!*
# Ang Rebolusyong Oktubre ng 1917

Ito ang dakilang sosyalistang rebolusyon ng mamamayang Ruso na pinamunuan ng Partido Komunista ng Unyong Sobyet (Bolshevik) laban sa burgesya at mga kontra-rebolusyonaryo.


Naganap ito noong ika-25 ng Oktubre sa kalendaryong Julian (Nobyembre 7 sa kalendaryong Gregorian) noong 1917.



Nagkubli ang Probisyunal na Gubyerno sa Winter Palace sa ilalim ng proteksyon ng mga kadete at batalyong panagupa. Kinagabihan, kinubkob ng mga rebolusyonaryong manggagawa, sundalo at marino ang Winter Palace sa Petrograd at inaresto ang mga miyembro ng Probisyunal na Gubyerno. Tagumpay ang armadong pag-aalsa ng mamamayang Ruso.

Sa araw na ito, inilabas ang manipesto na *To the Citizens of Russia* (Sa mga Mamamayan ng Rusya) na nagpapahayag na naibagsak na ang Probisyunal na Gubyerno at naipasa na ang kapangyarihan ng estado sa kamay ng mga Sobyet. K

# Kampanyang pagpapalaya para sa mga bilanggong pulitikal ng Palawan, nagpapatuloy



Sa kabila ng malawakang kampanya ng pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal dahil sa mabilis na hawahan ng COVID-19 sa mga bilangguan, nananatiling nakapiit ang mga detenidong pulitikal ng Palawan sa Puerto Princesa City Jail.

Kabilang sa mga nakakulong ang Palawan 7 na inaresto sa isang tsekpoynt sa Puerto, Princesa City noong Oktubre 4, 2019. Isa sa Palawan 7 si Antonio Molina, 65, may kondisyong medikal. Habang nakakulong, hindi siya binibigyan ng wastong atensyong medikal at hindi rin natsetsek-ap ng kanyang doktor. Nanganganib ang kanyang kalusugan laluna't isa ang mga *senior citizen* sa mga pinakabulnerable sa COVID-19.

Sa kabila nito, aktibo ang mga bilanggong pulitikal ng Palawan sa kampanyang edukasyon hinggil sa pandemya sa loob ng piitan. Nagtahi sila ng mga *face mask* kasama ang iba pang mga bilanggo bilang proteksyon. Ipinagpatuloy nila ang kanilang gawain bilang mga aktibista at tagapagtaguyod ng karapatang-tao maging sa loob ng bilangguan.

Humaharap si Molina at iba pa sa Palawan 7 sa mga gawa-gawang kaso tulad ng *illegal possession of firearms and explosives.* Sa pag-usad ng kaso, ilang *hearing* na ang naipagpaliban dahil sa COVID-19. Nagkaroon ng kahirapan sa pagbyahe ang mismong abugado at maging mga kapamilya ng pito dahil kalakhan ay manggagaling pa sa NCR at CALABARZON. Mabagal ang pagpoproseso ng mga papeles na kinakailangan upang makabyahe tulad ng *medical certificate, travel permit*, at iba pa. Napakagastos din ng P1,000 na bayad kada gabi para sa pagtigil sa *quarantine facilities* ng Puerto Princesa kung saan istriktong ipinapatupad ng *city government* ang *mandatory 14-day quarantine.*

Iminungkahi nang gawing *online thru video call* ang pagdinig sa kaso upang pabilisin ang usad nito subalit tinanggihan ng korte.

Isa rin sa mga bilanggong pulitikal ng Palawan si Ka Norly Bernabe, pangulo ng Pinagkaisang Lakas ng mga Okupante, Residente, Magsasaka, Mangingisda at Maralita ng Taytay (PLORMMM-Taytay) at *chairman* ng Katipunan ng mga Samahan ng Magsasaka ng Timog Katagalugan (KASAMA-TK). Nakakulong siya mula Enero 7, 2018. Sinampahan siya ng mga gawa-gawang kaso at isa sa mga idinidiin sa kanya ay ang pag-ambus ng BHB-Palawan sa PNP-Taytay. Matapos ang ilang pagdinig, napatunayang gawa-gawa ang kasong ito at tuluyan nang ibinasura ng korte ngayong taon. Mainit na sinalubong ng masang magsasaka ng Timog Katagalugan ang pagbasura ng korte sa kasong ito. Positibo ang KASAMA-TK na mananaig ang hustisya at makakalaya si Ka Norly.

Sa kasalukuyan, mahigpit ang mga bilangguan sa pisikal na pagbisita sa mga bilanggo. Mas maluwag ang pagbisita sa pamamagitan ng iniskedyul na *video call*. Gayunpaman, mapa-*online* man o *on-ground*, nagpapatuloy at lumalakas ang kampanya upang palayain ang lahat ng mga bilanggong pulitikal sa Palawan. K

# *Red-tagging* at panghaharas sa mga nagrerelip, kinundena

Mariing kinundena ng mga progresibong organisasyon at mga grupong naglulunsad ng mga operasyong relip at rehabilitasyon ang ginagawang panghaharas at *red-tagging* sa kanila ng mga pwersa ng AFP-PNP at iba't ibang ahensya ng gubyerno sa gitna ng pananalasa ng bagyong Quinta at pagpapatuloy ng krisis dulot ng COVID-19.

Ayon sa kanila, talamak ang panghaharas at pang-aaresto sa mga boluntir na nagbibigay ng kanilang oras sa pamamahagi ng relip at pagluluto sa mga *community kitchen.* Ang iba'y inaakusahang nagpoprotesta at hinuhuli ng mga pulis kahit malinaw na namamahagi lamang sila ng pagkain, babasahin at relip.

Inireklamo rin ng mga organisasyong nagrerelip ang paghihigpit sa mga hinihinging pangangailangan sa paglulunsad ng mga operasyong relip. Isang insidente ang pagharang ng Bureau of Food and Aquatic Resources sa *food pass* na ginamit ng Anakpawis sa misyong relip nito sa Bulacan noong Abril.

Samantala, sinasaluduhan ng mga organisasyon ang taumbayan na nagpamalas ng mataas na diwa ng bolunterismo at pagtulong sa kanilang kapwa sa kabila ng panggigipit sa kanila ng gubyernong Duterte.

Nanawagan ang mga organisasyon sa relip na ilaan na lamang ang pondo ng AFP-PNP sa mga programa sa relip at rehabilitasyon laluna ngayong sunod-sunod ang tama ng kalamidad sa rehiyon sapul sa pagputok ng Bulkan Taal. Sa TK, umabot sa halos P600 milyon ang pinsala sa agrikultura at ari-arian dahil sa bagyong Quinta. Naitala rin ang pinakamababang siyam na nasawi sa rehiyon.

Tinatayang nasa P573 milyon ang halaga ng mga nasirang pananim sa CALABARZON habang aabot sa P20 milyon ang halaga ng nawasak na imprastraktura rito. Halos P3 milyon naman ang pinsala sa imprastraktura sa MIMAROPA. Iniulat din na may dalawang taong namatay sa CALABARZON habang pito ang nasawi sa MIMAROPA dahil sa bagyo. K



# MABUHAY ANG DIWA NG REBOLUSYONG OKTUBRE NG 1917 NG MAMAMAYANG RUSO!